www.kidworship.kr

# Ang arko ni Noah

– 4th Story–



23Page

NAR Maraming taon na ang nakalipas simula noong nabubuhay pa sina Adan at Eva. Dumami na rin ang mag tao dito sa mundo. Subalit, nakita ng Diyos kung gaano naging masama ang mga tao, Kung kayat ang puso ng Diyos ay lubhang nasasaktan.

Diyos “Ang mundo ay napupuno na ng kasamaan. Ako ay nagsisisi na gumawa ako ng tao dito sa mundo. Ngayon ay akin silang aalisin nang muli dito sa mundo.”

NAR Subalit, may isang natitirang mabuting tao, siya ay si noah. Mahal na mahal ni noah ang kanyang mga kapwa at ang Diyos. Siya ay maatuwid na lumalakad ng naayon sa gusto ng Diyos. Kung kayat siya ay pinili ng Panginoon.

Diyos “Noah, Ako ay magpapadala ng isang baha dito sa mundo na sisira sa lahat ng nabubuhay dito. Ngunit itataguyod ko ang aking tipan sayo, Ililiigtas kita, pati narin ang pamilya mo, at mga hayop na magkapares. Babae at lalaki. Gagawa ka ng barko sa itaas ng bundok!”

NAR Dahil narin sa utos ng Panginoon, Nagawa ni Noah ang isang malaking barko na gawa sa kahoy na cypress. Pero ang mga tao ay inasar si Noah.

Lalaki “Huh! Nasisiraan na ng bait si Noah! Gumagawa siya ng barko sa taas ng bundok gayong wala naming tubig!”

Babae “Hohoho! Tama, nasisiraan na nga siya ng bait~! Sinasabi niya na may darating na baha. Gayong napaka aliwalas naman ng langit? Siya ang baliw~!”



24Page

NAR Ginawa nga ni Noah ang barko ayon sa utos at tagubilin ng Diyos, upang magkasya ang lahat ng ng tig dalawang pares ng hayop babae at lalaki.

Diyos “Pitong araw magmula ngayon, Ako ay magpapaulan sa loob ng apat-napung araw at apatnapung gabi.”

NAR Noong araw din na iyon, ang mga pares ng hayop ay kanyang pinapasok na sa loob ng barko- mga elepante, leon, gayun na rin ang mga ibon sa himpapawid. Ang barko ay napuno ng mga hayop. Samantala, tanging sina Noah at ang asawa pati narin ang tatlong anak nilang lalaki na sina shem, ham, japeth at ang kanilang mga asawa. Silang walo ay pumasok na rin sa barko.


25Page

N A R Nang sumara ang barko, ay siya naming pagbuhos ng malak–as na ulan. Para itong may butas ang langit sapagkat patuloy na pagbuhos ng malakas na ulan araw at gabi. Nag umpisa na ring bumaha at tinabunan ang mundo. Walang natira sa mundo maliban sa barko na kung saan sakay sina Noah, at ang pamilya niya gayun narin ang mga hayop.


26Page

N A R Huminto ang ulan pagsapit ika apatnapung araw. Ang buong mundo ay napuno ng tubig, ni walang masilayang iba. Ngunit si Noah at ang pamilya niya at ang mga hayop ay ligtas sa loob ng barko. Isang araw, nag palipad si Noah ng isang ibon, ngunit wqalang mahanap na pag dadapuan nito kayat siya sy bumalik sa arko ni Noah. Pagkalipas ng pitong araw, nag pali–pad muli si Noah ng ibon, Ngunit sa pagkakataong itop ay may dala na itong isang sariwang dahon. Alam ni Noah na sa mga oras na yon ay malapit ng humupa ang baha.


27Page

N A R Tatlong raan at pitompung araw bago tuluyang matuyo ang lupa. Kinausap ng Diyos si Noah.

D i y o s “Lumabas na kayo sa arko Noah.”

N A R Lumabas na nga sa barko si Noah apti narin ang kanynag pamilya, lumabas na rin ang mga hayop. Gumawa si Noah ng altar para sa Panginoon at nag alay ng handog.

D i y o s “Hindi ko na muli pang isusumpa ang mundo katulad nang ginawa ko.”

N A R Nag pakita ng isang bahaghari ang Diyos sa kalangitan, Ang bahagharing ito ay ang simbolo ng pangako ng Diyos na hiindi na niya muli pang gugunawin ang mundo sa pam–amagitan ng tubig.